

## Mag-aplay para sa Tulong sa Sakuna

**Aplikasyon sa Internet o Smartphone:** Maaaring mag-aplay ang mga nakaligtas sa sakuna sa Programa para sa mga Indibidwal at Sambahayan o alamin ang katayuan ng kanilang aplikasyon sa

[www.DisasterAssistance.gov](http://www.DisasterAssistance.gov). Maaari ding ma-akses ng mga nakaligtas sa sakuna ang FEMA gamit ang smartphone sa pamamagitan ng pag-download sa aplikasyon mula sa [www.fema.gov](http://www.fema.gov) o sa tindahan ng aplikasyon ng kanilang tagapagbigay na cellphone.

**Sa Pamamagitan ng Telepono:** Ang mga nakaligtas sa sakuna ay maaaring tumawag sa FEMA nang libre sa 800-621-3362 upang magrehistro para sa tulong o alamin ang katayuan ng kanilang aplikasyon. Ang mga nakaligtas sa sakuna na bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita at gumagamit ng Text Telephone (TTY) ay maaaring tumawag sa 800-462-7585. Ang mga nakaligtas sa sakuna na gumagamit ng 711 o VRS (Video Relay Service) ay maaaring tumawag sa 800-621-3362.

**Sa Personal:** Bumisita sa isang Sentro ng Pagbabawi mula sa Sakuna.

- Para sa mga lokasyon, tingnan ang mobile app ng FEMA sa [www.fema.gov/mobile-app](http://www.fema.gov/mobile-app) o tumawag sa 1-800-621-3362, o bumisita sa [www.DisasterAssistance.gov](http://www.DisasterAssistance.gov).
- Maaaring bumisita mismo sa inyong bahay ang mga miyembro ng pangkat ng Tulong para sa Nakaligtas sa Sakuna. Mayroon silang opisyal na ID ng FEMA na may larawan.

## Anong GAGAWIN kung Hindi Ka Sang-ayon sa SULAT NA PASYA ng FEMA



MAY KARAPATAN KANG MAG-APELA SA MGA PASYA NG FEMA SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT KABILANG ANG HALAGA NG IYONG GANTIMPALA.

### Kailan ko dapat isumite ang aking apela?

Dapat mong isumite ang iyong apela sa loob ng **60 araw** mula sa petsa ng sulat na abiso sa iyong pagiging karapat-dapat.



### Ano ang kailangan kong ibigay?

Isang napirmahan at nakasulat na paliwanag na nagbabalangkas kung bakit naniniwala kang mali ang pasya ng FEMA at mga kopya ng anumang dokumento na sumusuporta sa iyong apela, kabilang ang patunay ng iyong mga pagkalugi dahil sa sakuna.

Ang iyong buong pangalan, ang iyong FEMA na Numero ng Aplikasyon at Numero ng Sakuna, ang adres ng iyong pangunahing tirahan bago ang sakuna, at ang kasalukuyan mong numero sa telepono at adres ay dapat kasama sa lahat ng mga dokumentong na isinumite. Nakaprinta ang mga numerong ito sa Pahina 1 ng iyong Sulat ng Pasya, sa itaas ng iyong pangalan at adres.

### Saan ko ipapadala ang aking apela?



Ipadala sa pamamagitan ng koreo sa:  
FEMA  
P.O.Box 10055  
Hyattsville, MD 20782-8055

O



I-fax sa:  
800-827-8112  
Attn: Opisyal ng FEMA sa mga Apela (FEMA Appeals Officer)

### Gaano katagal bago ko malaman kung naaprubahan o natanggihan ang aking apela?

Makakatanggap ka ng sulat ng pasya mula sa FEMA sa loob ng **90 araw** mula sa pagkatanggap ng iyong apela.

Upang alamin ang katayuan ng iyong apela, o upang abisuhan ang FEMA ng anumang pagbabago sa iyong adres sa koreo o pag-kontak na impormasyon, mangyaring bumisita sa [www.DisasterAssistance.gov](http://www.DisasterAssistance.gov) at piliin ang Check Your Application Status, o tumawag sa Helpline ng FEMA sa 800-621-FEMA (3362)

### Sino ang maaari kong tawagan kung may mga katanungan ako tungkol sa aking apela?

Tawagan ang Helpline ng FEMA sa 800-621-3362 (voice/711/VRS). Para sa Espanyol, pindutin ang 2. TTY: 800-621-3362. O bumisita sa: [www.DisasterAssistance.gov](http://www.DisasterAssistance.gov).

# Tulong Pagkatapos ng isang Sakuna

Indibidwal na Tulong mula sa FEMA  
Makakatulong sa Iyong Makabawi

FEMA B-545/Abril 2019



## Paano makakatulong ang FEMA sa iyo?

Ang tulong mula sa FEMA ay maaaring makatulong sa iyo at sa mga miyembro ng iyong sambahayan na naapektuhan ng isang sakuna sa pagsagot sa mga kinakailangang mga nagastos at mga seryosong pangangailangan na hindi matugunan ng seguro o iba pang mga uri ng tulong.

### Tulong sa Pabahay:

Ang Tulong sa Pabahay ay maaaring magkaloob ng tulong na pinansyal o direktang tulong sa pabahay, kabilang ang:

**Tulong sa Upa:** Tulong pinansyal sa pag-upa ng pansamantalang tirahan habang kinukumpuni ang mga nasira ng sakuna sa iyong pangunahing tahanan, o habang lumilipat sa permanenteng pabahay.

**Pagsasauli sa Nagastos sa Panunuluyan:** Tulong pinansyal para sa pagsasauli sa mga nagastos sa panandaliang panunuluyan.

**Pagkumpuni ng Bahay:** Tulong pinansyal para sa mga may-ari ng bahay upang kumpunihin ang sira sa bahay na dulot ng sakuna. Ang tulong ay inilalaan upang kumpunihin ang bahay upang ito ay nasa pamumuhay o gumaganang kondisyon na ligtas at malinis.

**Pagpapalit ng Bahay:** Tulong pinansyal para sa mga may-ari ng bahay na kailangang palitan o muling itayo ang kanilang pangunahing tirahan bilang resulta ng sakuna.

**Direktang Pabahay:** Sa mga limitadong sitwasyon kung saan ay walang makukuhang sapat na mapagkukunan na pansamantalang pabahay sa loob ng makatwirang distansya sa pagbibiyah, maaaring magbigay ang FEMA ng direktang pansamantalang yunit ng pabahay sa mga may-ari ng bahay at mga umuupa.

### Tulong sa Iba Pang mga Pangangailangan:

**Personal na Ari-arian:** Tulong pinansyal upang kumpunihin o palitan ang karaniwang mga gamit sa

bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga muwebles, kasangkapan, mahahalagang kagamitan at pantulong na kasangkapan na sumusuporta sa pang-araw-araw na mga gawaing pamumuhay.

**Medikal/Sa Ngipin:** Tulong pinansyal na pambayad sa mga nagastos o kawalan na medikal o sa ngipin na dulot ng sakuna. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyong ospital at ambulansya, gamot, at ang pagkumpuni o pagpalit ng mga pantulong na aparato o teknolohiya na kinakailangan sa medikal.

**Libing:** Tulong pinansyal para sa mga nagastos dahil sa pagkamatay o paglilipat ng bangkay na direkta o hindi direktang dulot ng sakuna. Kabilang sa mga nagastos ang, ngunit hindi limitado sa, halaga ng kabaong o urna at mga serbisyong paglilibing.

**Pangangalaga sa Bata:** Tulong pinansyal para sa nadagdagang gastos sa pangangalaga ng bata bilang resulta ng sakuna. Kabilang sa mga karapat-dapat na nagastos ay mga gastos sa pangangalaga ng mga batang may edad 13 at mas bata at/o mga batang may kapansanan, ayon sa tinukoy ng batas Pederal, hanggang edad 21, na nangangailangan ng tulong sa pang-araw-araw na mga gawaing pamumuhay.

**Iba Pang mga Nagastos:** Tulong pinansyal na pambili ng tiyak na mga bagay na wala sa ari-arian bago ang sakuna. Maaaring kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga bagay tulad ng vacuum para sa basa/tuyo, chainsaw, o generator para sa aparato na kinakailangan sa medikal.

**Transportasyon:** Tulong pinansyal upang kumpunihin o palitan ang isang sasakyan na nasira ng sakuna.

**Mga Nagastos sa Paglilipat o Pag-iimbak:** Tulong pinansyal sa pansamantalang paglilipat at pag-iimbak ng personal na ari-arian mula sa nasirang pangunahing tirahan habang isinasagawa ang pagkukumpuni. Maaaring maipagkaloob rin ang tulong sa paglilipat ng mahahalagang gamit sa bahay sa isang bagong pangunahing tirahan.

**Paglilinis at Pagtanggap:** Tulong pinansyal para sa mga serbisyong pagtanggap ng mga dumi at pagdisimpekta sa mga ibabaw na bahagi ng bahay na apektado ng baha.

**Mga Kritikal na Pangangailangan:** Tulong pinansyal para sa mga aplikante na may agarang o kritikal na mga pangangailangan dahil napalayas sila sa kanilang pangunahing tahanan.

### Mga Pamantayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Tulong sa Pabahay at Iba Pang mga Pangangailangan:

- Ang iyong mga pagkalugi sa sakuna ay dapat nasa lugar na idineklara ng Presidente bilang lugar ng sakuna;
- Ang isang miyembro ng iyong sambahayan ay dapat na mamamayan ng Estados Unidos, isang mamamayan na non-citizen, o isang kwalipikadong dayuhan;
- Mayroon kang mga kinakailangan na nagastos o malubhang pangangailangan bilang resulta ng sakuna ngunit hindi saklaw ng seguro, o nag-sampa ka ng paghahabol sa seguro ngunit hindi sapat ang iyong mga benepisyo sa pagsaklaw sa iyong mga nagastos, o hindi sinasaklaw ng seguro o ng ibang mga mapagkukunan ang iyong pinsala.

### Mga Karagdagang Programa ng Indibidwal na Tulong mula sa FEMA

**Pagpapayo sa Krisis (Crisis Counselling):** Tumutulong sa mga indibidwal o mga komunidad na bumabawi mula sa mga epekto ng sakuna sa pamamagitan ng pagkaloob ng mga serbisyong outreach at pang-edukasyon na batay sa komunidad.

**Kawalan ng Trabaho sa Sakuna:** Nagbibigay ng mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho at mga serbisyong tulong sa muling pagkakaroon ng trabaho sa mga nakaligtas na naapektuhan ng sakuna na idineklara ng Presidente bilang isang malakihang sakuna. Ang mga serbisyong ito ay nasa responsibilidad ng Departamento ng Trabaho ng U.S. at pinapangasiwaan ng mga opisyal ng pamahalaan ng Estado, Lokal, Teritoryo o Tribo sa pangangasiwa ng emerhensiya sa (mga) apektadong lugar.

**Mga Panlegal na Serbisyo sa Sakuna:** Nagbibigay ng libreng tulong na panlegal sa mga indibidwal na mababa ang kita na kung hindi man walang kakayahang kumuha ng mga serbisyong panlegal upang makamit ang kanilang mga pangangailangang nauugnay sa sakuna.

**Pamamahala sa Kaso ng Sakuna (Disaster Case Management):** Tumutulong sa mga indibidwal na hindi natugunan ang mga pangangailangang dulot ng sakuna sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapatupad ng Household Recovery Plan.

### Tulong mula sa Kasosyo na Ahensiya

Upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga nakaligtas sa sakuna, nakikisosyo ang FEMA sa ibang mga ahensiya ng pamahalaan o mga ahensiyang hindi sa pamahalaan.

Nakikipagtulungan ang FEMA sa Small Business Administration ng U.S. upang mag-alok ng mga pautang sa sakuna na mababa ang interes sa mga may-ari o umuupa ng bahay sa mga idineklarang lugar ng sakuna. Upang makapag-aplay para sa isang pautang sa sakuna, hindi ka kailangang magmay-ari ng negosyo.

Alamin ang higit pa tungkol sa pag-aplay para sa isang pautang sa sakuna o tungkol sa makukuhang tulong mula sa iba pang mga kasosyo ng FEMA sa:

[www.DisasterAssistance.gov](http://www.DisasterAssistance.gov).



FEMA